# Lahat ay magiging maayos pagkatapos ng pagkakaroon ng implant ng ngipin?

Ginagamit ang implant ng ngipin sa paggamot ng ngipin para sa pagpapalit ng nawawalang ngipin. Ang implant ng ngipin ay gawa sa materyal na tugma sa tisyu ng tao gaya ng titanium. Inilalagay ito sa buto ng panga, at gumagana bilang ugat ng isang ngipin upang suportahan ang isang artipisyal na solong korona. Gumagana rin ang mga implant sa ngipin bilang mga karatig na sumusuporta sa isang grupo ng pustiso sa anyong bridge sa ngipin o natatanggal na pustiso.

Maaaring magkamali ng pag-unawa ang mga tao na hindi na sila magkakaroon pa ng problema sa ngipin at gilagid pagkatapos malagyan ng implant ng ngipin. Kahit hindi nabubulok ang implant ng ngipin at ang mga sumusuportang pustiso, kung hindi sapat ang pansariling pangangalaga sa ngipin at gilagid, magkakaroon ng mga problema sa mga tisyu sa paligid ng implant ng ngipin. Maaaring mamaga ang mga tisyu at mabuo sa tinatatawag na peri-implantitis. Maaaring maging maluwag ang implant ng ngipin at sa huli ay lumabas. Kaya, mahalaga ang pangmatagalang pagmamantini sa pagpapanatili ng kalinisang pambibig para sa pagkamatibay ng implant ng ngipin.

## Palagi bang matagumpay ang paglalagay ng implant ng ngipin?

Ang paglalagay ng implant ng ngipin ay isang maliit na operasyon sa ngipin at gilagid. Ang antas ng tagumpay ay depende sa pangkalahatang katayuan ng kalusugan at kondisyon ng buto sa panga. Kung mabuti ang paggana ng paggaling ng katawan, magkakaroon ng mas mataas na tsansa ng tagumpay ang paglalagay ng implant ng ngipin. Sa kabilang banda, ipinakita ng mga pananaliksik na ang mga naninigarilyo, taong may diyabetes, taong kasalukuyang mayroon o may kasaysayan ng matinding sakit sa gilagid, atbp., ay maaaring magkaroon ng mas maraming kumplikasyon o mas mataas na antas ng pagkabigo sa paglalagay ng implant ng ngipin.

## Paano ang pangangalaga ng pustiso na sinusuportahan ng implant ng ngipin?

Kailangan ang lubusang paglilinis ng bibig sa umaga at bago matulog sa gabi araw-araw upang maiwasan ang pagkaipon ng plaque at pamamaga ng mga tisyu na nakapaligid sa mga implant ng ngipin.

- Solong implant ng ngipin:
  Ang paraan ng pansariling pangangalaga sa ngipin at gilagid ay katulad ng para sa natural na ngipin. Sipilyuhin ang gilid ng gilagid, at gumamit ng dental floss o interdental na sepilyo upang linisin ang mga bahaging interdental.





- Bridge sa ngipin na suportado ng implant:
  Kung ang pustiso ay suportado ng dalawa o mahigit pang karatig na implant ng ngipin, ang paraan ng paglilinis ay katulad ng sa karaniwang bridge sa ngipin. Dahil may puwang sa pagitan ng pustiso at gilagid, mahalaga na gumamit ng superfloss o interdental na sepilyo upang linisin ang paligid ng implant ng ngipin at ang puwang.



- Itaas o ibabang naaalis na pustiso:
  Tanggalin ang pustiso, at pagkatapos ay gumamit ng sepilyong iisa ang uhay upang linisin ang palibot ng mga karatig na implant ng ngipin. Linisin ang pustiso sa katulad na paraan ng para sa karaniwang pustiso. Tanggalin ang pustiso bawat gabi bago matulog, gumamit ng malambot na sepilyo at panlinis gaya ng sabon upang linisin ang bawat bahagi ng pustiso. Tapos ay banlawan ito ng tubig, at ilubog sa isang basong tubig nang magdamag.



**Karagdagang puntos na dapat tandaan pagkatapos ng paglalagay ng implant ng ngipin**

Makakatulong ang pustiso na sinusuportahan ng implant ng ngipin upang pabutihin ang kakayahang ngumuya. Gayunpaman, kung hindi angkop ang pagmamantini, maraming problema ang maidudulot hal. peri-implantitis na nagiging sanhi ng kirot o pagbuo ng nana at sa huli ay maaaring maging sanhi ng problema sa pagnguya.

Upang dagdagan ang pagkamatibay ng implant ng ngipin at ang mga sumusuportang pustiso nito, dapat malaman ang sumusunod:

1. Iwasan ang madalas na pagnguya ng matitigas na pagkain tulad ng mani, matigas na kendi, atbp., upang maiwasan ang pagkabasag ng pustiso.
2. Iwasan ang paulit-ulit na pagnguya ng matigas, kung hindi sa huli ay maaaring lumuwag o mabali ang mga tornilyo o nakakabit na implant.
3. Mapanganib ang paninigarilyo sa kalusugan ng mga tisyu na nakapaligid sa nakakabit na implant; samakatuwid mahalaga na ihinto ang paninigarilyo.
4. Pagkatapos ng paggamot na implant ng ngipin, mahalaga na magkaroon ng regular na pagpapatingin ng ngipin. Kung may anumang problema, maaari itong matukoy at mapamahalaan nang maaga.
5. Kung sakaling mayroong abnormal na kondisyon na naramdaman o nadetekta, gaya ng pagluwag ng implant na ngipin o hindi pagiging komportable mula sa tisyu sa paligid ng implant ng ngipin, mahalagang pumunta upang makipagkita sa dentista sa lalong madaling panahon upang magpatingin at susunod na pagpapatingin.